

Sigaw ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita at Hacienda Dolores:

LUPA AT HUSTISYA, IPAGLABAN!

Naninindigan ang mga magsasaka ng Hacienda Luisita sa probinsya ng Tarlak at Hacienda Dolores sa bayan ng Porac sa Pampanga na kailanma'y hindi nila isusuko ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan, bagkus mapagtatagumpayan ang pang-aapi at pagsasamantala ng mayayamang panginoong maylupa tulad ng pamilyang Cojuangco-Aquino at Ayala Land. Malinaw sa kanila na ang pagnakaw sa kanilang kabuhayan ay nangangahulugan ng kahirapan, kagutuman at kamatayan kung kaya mulat silang tanging ang kanilang matibay na pagkakaisa at sama-samang pagkilos ang pangunahing armas ng kanilang pakikibaka.

Sa Hacienda Dolores, ilang taon nang biktima ang mga magsasaka ng sunud-sunod na atake at hasasment mula sa Leonardo Lachenal Leonio Holdings, Inc (LLL) at FL Property Management (FL) Corporation na pawang mga tutang kumpanya ng Ayala Land. Hinarap ng mga magsasaka at residente ang halos lahat ng porma ng pandarahas tulad ng pagbabakod sa kanilang sakahan, pagnanakaw ng mga alagang hayop at pagsira sa kanilang mga pananim, pagbabawal sa kanilang magsaka, demolisyon ng bahay, tangkang panununog ng bahay, iligal na pag-aresto at pagkulong, pamamaril at pagpatay. Ang LLL at FL ay kakutsaba ang iba't ibang ahensya ng gubyerno tulad ng sangguniang bayan ng Porac, kapulisan at militar, Dept. of Agrarian Reform (DAR), maging ang panguluhang Noynoy (BS) Aquino na alyado ng Ayala Land. Samantalang sa Hacienda Luisita, ang mga manggawang bukid ay patuloy na biktima ng hasasment, pananakit, iligal na pag-aresto at pagkulong, pangangamkam at pagbabakod sa kanilang sakahan, panlilinlang at iba pang porma ng pang-aapi mula sa pamilyang Cojuangco-Aquino. Katulad ng Ayala Land, kakutsaba ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang gubyernong BS Aquino, ang lahat ng makinarya nito tulad ng DAR, Dept. of Interior and Local Gov't (DILG), kapulisan at militar at iba pang ahensya ng gubyerno. Ang pamilyang Cojuangco-Aquino at Ayala Land ay pawang mga panginoong maylupang gamit ang yaman at impluwensya para apihin at pagsamantalahan ang naghihirap na magsasaka sa dalawang hasyenda.


Sa Hacienda Luisita, nasa kasaysayan ang panlilinlang ng dating pangulong Cory Aquino nang ipangako nito ang pamamahagi ng lupa ngunit ipinatupad ang Republic Act 6657 o Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at ang probisyon nitong stock distribution option (sdo). Ang hasyenda ay ipinailalim sa sdo at hindi ipamahagi ang lupa sa mga magsasaka, sa halip, ginawa umano silang mga stockholder na kumakatawan sa 33% ng sapi (stock o share) ng Hacienda Luisita, Inc. (HLI). Kung kaya, nagpakasasa ang pamilyang Cojuangco-Aquino sa pagod at hirap ng mga manggagawang bukid habang pinagyaman nito ang halos 6,453-ektaryang tubuhan. Gayunpaman, hindi totoong stockholder ang mga manggagawang bukid dahil hindi nila pag-aari ang 33% na sapi ng HLI, bagkus, pagtatrabahuhan nila ito ng 30 taon. Dahil sa sdo, ang bawat isa sa 6,296 na manggagawang bukid ay pinaglaanan lamang ng 1 hanggang

2 araw ng trabaho kada linggo, samakatuwid, napakaliit ng kanilang kabuhayan at sila ay naging biktima ng malalang kahirapan at kagutuman. Dahil dito, natulak silang mag-welga noong Nobyembre 6, 2004 upang ipanawagan ang pagbasura sa sdo ngunit sila ay minasaker noong Nobyembre 16, sa tanyag na "Hacienda Luisita Masaker," kung saan 7 manggagawang bukid ang pinatay ng pulis at militar. Bunga ng patuloy na pakikibaka ng mga magsasaka, naitulak nito ang Korte Suprema na mag-desisyong ibasura ang sdo at ipamahagi ang lupa noong Nobyembre 22, 2011 at Abril 24, 2012. Sa kabila nito, sinasamantala ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang panguluhang BS Aquino at ginagamit nito ang DAR para isabotahe ang pamamahagi ng lupa, kamkamin ang daan-daang ektarya ng lupa at pagkakakitaan ito.

CARPER maka-panginoong maylupa, kontra-magsasaka

Ang Hacienda Luisita at Hacienda Dolores ay magkatulad dahil ang mayayamang panginoong maylupa ay ginagawa ang lahat para linlangin ang mga magsasaka, agawin ang lupa at sila ay palayasin. Ang mga ninuno ng mga magsasaka sa dalawang hasyenda ay namuhay, nagpayaman at nagpaunlad sa lupa mula pa panahon ng kolonyalismong Kastila. Ngunit mula noon hanggang ngayon, walang batas o programa ng kasalukuyan at nagdaang mga gubyerno ang nagpamahagi sa kanila ng lupa at malala, ngayo'y kontrolado ng mga mayayamang panginoong maylupang pamilyang Cojuangco-Aquino at Ayala Land. Ang DAR din ang pasimuno sa panloloko sa mga magsasaka tulad ng pagpapatupad ng CARP at sdo sa Hacienda Luisita, at probisyong eksempsyon ng coverage sa Hacienda Dolores. Dahil sa CARP at ngayo'y CARP Extension with "Reforms" (CARPER), nanatiling hindiipinamahagi ang lupa sa mga magsasakang nagpakahirap dito.

Bunga ng CARPER, pasimuno ang DAR ng pamamahagi ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa Hacienda Luisita nakaraang taon, naglabas naman ng exemption order at conversion order ang DAR noong 2005 para



Planong eco-zone sa Hacienda Luisita ng pamilyang Cojuangco-Aquino

sa kalupaan ng Hacienda Dolores kung kaya inangkin ito ng LLL at FL at planong i-kumbert ng Ayala Land. Dagdag dito, plano ng Ayala Land ang proyektong Alvierra sa 1,000-ektarya ng Hacienda Dolores, habang Hacienda Luisita Economic Zone (eco-zone) ang plano ng pamilyang Cojuangco-Aquino sa halos 5,000-ektaryang lupa. Kinamkam na ng kanilang kumpanyang Tarlac Dev't Corp. (TADECO, na ilalim ng Jose Cojuangco and Sons, Inc.) ang mahigit 400-ektarya sa brgy. Balete at Cutcut. Ang mga proyektong ito ay isinusulong mismo ng gubyernong BS Aquino, sa ilalim ng programang Public-Private Partnership at W-Growth Corridor.



Planong Alvierra sa Hacienda Dolores ng Ayala Land

Samakatuwid, ang mga batas, programa at proyekto ng gubyerno ay pawang kontra-magsasaka at kontra-mamamayan at para lamang sa interes ng mayayamang panginoong maylupa at negosyante tulad ng pamilyang Cojuangco-Aquino at Ayala Land.

Abuso ng mga panginoong maylupa

Tulak ng pagkaganid sa tubo, todong atake ang ipinatutupad ng pamilyang Cojuangco-Aquino at Ayala Land sa mga magsasaka, gamit ang pulis, militar at mga goons. Gamit nila ang Phil. Nat'l Police, ang 3rd Mechanized Infantry Battalion sa Hacienda Luisita at 70th Infantry Battalion sa Porac, at napakaraming security guards at goons, na ang layunin ay harasin ang mga magsasaka at supilin ang kanilang paglaban.

Noong Disyembre, gwardyado ng pulis, militar, security guards at mga goons ang pag-buldoser sa mga sakahan ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita na pinamamahalaan ng Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA). Winasak ng pamilyang Cojuangco-Aquino ang mga pananim at kubo, pina-aresto at pinakulong ang mga lider at kasapi ng AMBALA. Ang atakeng ito ay kasunod ng pag-aresto mismo sa congressman ng Anakpawis na si Fernando Hicap, Australyanong madre at abugado, at mga kasamahan nito na naglunsad ng fact-finding mission noong Setyembre; at pagpatay sa lider ng AMBALA na si Dennis Dela Cruz noong Oktubre. Nitong Pebrero, nagpatuloy ang pag-bulldoze sa mga sakahan at demolisyon ng mga kubo ninan Ricky Flores, Rudy Pineda, Wilfredo Sibayan, Abelardo Mallari, Max Facunla at Eustaquio Sabado habang hinuli ang kabataang si Rey Flores na kumukuha lamang ng video. Dagdag rito, sinunog ng mga naka-bonnet na security guard ang bahay nina Romy Sotto, Edgar Aganon at Eddie Castro.

Hindi kaiba ang kinakaharap ng mga magsasaka sa Hacienda Dolores. Sa kasalukuyan, 754-ektaryang sakahan ang inaagaw ng LLL at FL sa mga magsasaka. Mahigit 350 magsasaka at 1,000 pamilya ang nanganganib mawalan ng kabuhayan at tirahan. Sa kabila nang taong 1835 pa nagsimulang manirahan sa lugar ang kanilang mga ninuno, kasabayan ng proyektong Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX) noong 2005 ang pang-aagaw ng lupa ng LLL at FL. Sa mga nakaraang taon, padahas nang padahas ang atake ng LLL at FL sa mga magsasaka at nitong Enero 12, pinagbabaril ng mga security guards ang mga magsasakang mag-amang Noel at Reynold Tumali, at si Arman Padiño, na namatay sa ospital. Ang mga opisyal ng barangay, kasama ang kapitan ng barangay at tagapangulo ng ANIBAN, na tumulong sa mga biktima ay pinagbabaril din ng mga security guards ngunit sila pa ang inaresto ng mga pulis. Bago pa nito, inaresto si Ener Angeles Tolentino ng mga pulis, kasabwat ang mga goons at security guards ng LLL at FL nang kumuha ito ng uli sa kanyang sakahan sa Upper Balukbuk.

Sa dalawang hasyenda, pawang mga biktima ang mga mahihirap na magsasaka ng sistematikong abuso at atake ng mga mayayamang panginoong maylupa, kakutsaba ang mga ahensya ng gubyerno, pulis at militar. Malinaw sa karanasan ng mga magsasaka, na ang gubyerno at mga batas at programa nito ay instrumento ng mga panginoong maylupa laban sa mga magsasaka.

Tunay na Reporma sa Lupa, pagbasura sa CARPER at pagsasabatas ng GARB

Malinaw na ang CARP at CARPER ay hindi nagsilbi sa mga magsasaka bagkus sa mga panginoong maylupa kung kaya, makatarungan lamang na ipanawagan ang pagbasura nito. Bilang kapalit, malaki ang pakinabang ng masang magsasaka sa House Bill 252 o Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) na isinusulong ng Anakpawis Party-list. Tunay na Reporma sa Lupa ang sinasalaming GARB, libre o walang bayad ang pamamahagi ng lupa dahil mismong magsasaka ang nagpakahirap at nagpayaman dito; at walang eksempyon kung kaya hindi mananaig ang interes ng mga panginoong maylupa, lokal at dayuhang mamumuhunan.

Gayunpaman, pundamental na rekisito ang matibay at konsolidadong pagkakaisa ng masang magsasaka at aktibong pagkilos. Kung walang malawakang mobilisasyon ng magsasaka, interes ng naghaharing uri ang siguradong mananaig.

**LIBRENG PAMAMAHAGI NG LUPA SA HACIENDA LUISITA
AT HACIENDA DOLORES, IPAGLABAN!**

**PANGANGAMKAM NG LUPA AT PASISTANG ATAKE NG
PAMILYANG COJUANGCO-AQUINO AT AYALA LAND – LLL – FL, LABANAN!**

**HUSTISYA SA MGA BIKTIMA NG PANG-AABUSO NG
PAMILYANG COJUANGCO-AQUINO AT AYALA LAND – LLL – FL!**

RA 9700 CARPER, IBASURA! ISABATAS ANG HOUSE BILL 252 GARB!

**ALYANSA NG MANGGAGAWANG BUKID SA ASYENDA LUISITA * ANIBAN NG NAGKAKAISANG
MAMAMAYAN SA HACIENDA DOLORES
ALYANSA NG MGA MAGBUBUKID SA GITNANG LUSON (AMGL)**